Isang Mensahe Mula sa

PANGUNAHING ABOGADO NG ILLINOIS

# KWAME RAOUL



Ang Tanggapan ng Pangunahing Abogado ay tumutulong sa mga biktima ng marahas na krimen na harapin at pagtagumpayan ang mga hindi maiiwasang hamon at trauma na maaaring magpalala sa epekto ng isang krimen. Ang mga mahahalagang serbisyong ibinibigay namin sa mga biktima ng krimen ay maaari ring gumanap ng isang kritikal na bahagi sa prebensyon ng karahasan. Pinupunan ng Dibisyon ng Prebensyon sa Karahasan at mga Serbisyo sa mga Biktima ng Krimen ang maraming mahahalagang puwang, pagkatapos ng mga pangyayari, na maaaring mahirap makita kapag ikaw o ang isang mahal sa buhay ay nasaktan.

Sa pamamagitan ng programang kompensasyon ng tanggapan, maaaring ma-access ng mga biktima ang pinansyal na reimbursement upang mabawi ang ilang partikular na elihibleng gastos dahil sa krimen. Ang mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, sekswal na pang-aatake, stalking, human trafficking, at ang kanilang mga miyembro ng sambahayan ay maaaring dumulog sa tanggapang ito upang makakuha ng kahaliling mailing address bilang karagdagang hakbang sa kaligtasan. Sa pamamagitan ng sistemang VINE, ang mga biktima ay nananatiling may kaalaman tungkol sa mga pagbabago sa katayuan ng kaso ng isang nagkasala at tumatanggap ng suporta sa pagharap sa sistema ng hustisya sa krimen. Nagbibigay din ang tanggapan ng mga gawad na pondo sa mga organisasyong pangkomunidad na lumalaban sa krimen at naglilingkod sa mga biktima.

Ang marahas na krimen ay hindi nalilimitahan ng mga hangganan ng county o ng mga antas ng kita—ito ay may potensyal na makaapekto sa sinuman. Walang herarkiya ang sakit o pagdurusa. Ang aming mga programa at serbisyo ay nakabatay sa isang diskarte na nakasentro sa biktima na kumikilala sa mga nakatagong epekto ng trauma. Kami ay narito upang suportahan at tulungan ang mga biktima na maghilom at magpatuloy tungo sa pagpapanumbalik. Mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pangunahing Abogado kung ikaw o isang mahal sa buhay ay nahihirapang makayanan ang epekto ng isang marahas na krimen at sa palagay mo ay maaaring makatulong ang alinman sa mga serbisyong inilarawan dito upang mapabuti ang mga bagay-bagay.

Taos-puso,

Kwame Raoul

Pangunahing Abogado ng Illinois

# KWAME RAOUL

PANGUNAHING ABOGADO NG ILLINOIS

**Landing Page ng Biktima ng Krimen**
illinoisattorneygeneral.gov/victims

Prebensyon sa Karahasan at mga Serbisyo sa mga Biktima ng Krimen
Tanggapan ng Pangunahing Abogado
115 South LaSalle Street
Chicago, IL 60603

**Linya ng Tulong sa mga Biktima ng Krimen**
1-800-228-3368

**Violent Crime Victim Assistance (VCVA) Program**
illinoisattorneygeneral.gov/victims/vcva

**Illinois Address Confidentiality Program (ACP)**
acp@ilag.gov
1-844-916-0295 (Toll-Free)

**Illinois VINE**
vinelink.com
1-866-5-NOTIFY (Voice)

**Sexual Assault Nurse Examiner (SANE) Program**
sane@ilag.gov
1-866-376-7215

**Outreach at Mga Aktibidad sa Edukasyon**
1-800-228-3368

Ang mga indibidwal na may kapansanan sa pandinig o pagsasalita ay maaaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng paggamit ng 711 relay service.

IllinoisAttorneyGeneral.gov

11/24

Available ang materyal na ito sa alternatibong format kapag hiniling.

# PREBENSYON SA KARAHASAN AT MGA SERBISYO SA MGA BIKTIMA NG KRIMEN



***Binabago ng krimen ang mga bagay sa mga paraang hindi mo inaasahan***

KWAME RAOUL
ILLINOIS ATTORNEY GENERAL

# Kami ay nag-aalok ng mga mapagkukunan upang makatulong na maibalik ang kapayapaan ng isip.

## Programang Kompensasyon sa mga Biktima ng Krimen ng Illinois

Ang Programang Kompensasyon sa mga Biktima ng Krimen ng Illinois ay nag-aalok ng reimbursement ng hanggang $45,000 ($27,000 para sa mga krimen bago ang 8/7/22) para sa mga gastos na natamo ng mga elihibleng aplikante bilang resulta ng isang marahas na krimen.

Kabilang sa mga elihibleng gastos ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagiging Accessible at Kakayahang Magamit ng Ari-arian
- Paglilinis ng Pinangyarihan ng Krimen
- Mga Gastos sa Lamay/Libing
- Pagkawala ng Kita
- Mga Gastos sa Medikal, Ospital at Dental
- Mga Gastos sa Pagpapayo sa Kalusugang Mental
- Mga Gastos sa Relokasyon
- Mga Gastos sa Pagpapalit
- Mga Gastos sa Matrikula

Kung ikaw o ang isang mahal sa buhay ay naapektuhan ng isang marahas na krimen, mangyaring tumawag sa aming toll-free na Linya ng Tulong sa mga Biktima ng Krimen para sa karagdagang impormasyon.

Maaari ka ring mag-apply para sa kompensasyon online sa illinoisattorneygeneral.gov/victims/cvonlineapplication.

Ang Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, 42 U.S.C. 2000d et seq., ay nagbabawal sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan sa mga programang tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal. Ang mga taong nagsasalita ng Ingles bilang pangalawang wika na mga aplikante o resipyente sa mga programang tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal ay bibigyan ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika at interpretasyon nang walang bayad sa aplikante o resipyente. Kung sa palagay mo ay nadiskrimina ka sa isang programa ng anumang institusyon na tumatanggap ng Pederal na tulong pinansyal, dapat kang makipag-ugnayan kaagad sa Pederal na ahensya na nagbibigay ng naturang tulong.

## Violent Crime Victim Assistance (VCVA) Program

Ang VCVA Program ay nagbibigay ng gawad na pondo para sa mga ahensya at organisasyon na nagbibigay ng mga serbisyo sa biktima at saksi at adbokasiya ng biktima. Ang pondo ng VCVA ay sinusuportahan ng mga bayarin mula sa mga nahatulang nagkasala.

## Illinois Address Confidentiality Program (ACP)

Ang ACP Program ay nagbibigay sa mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, sekswal na pang-aatake, stalking, human trafficking, at kanilang mga miyembro ng sambahayan ng isang kapalit na adres na gagamitin bilang kanilang mga adres sa bahay at trabaho, sa halip na ang adres kung saan sila talaga nakatira. Ang ACP Substitute Address ay nakakatulong na pigilan ang mga nang-aabuso na mahanap ang mga nakaligtas, ngunit hindi ito kapalit ng isang komprehensibong planong pangkaligtasan. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang illinoisattorneygeneral.gov/victims/address_confidentiality.

## Illinois VINE (Victim Information and Notification Everyday) System

Ang Illinois VINE system ay nagbibigay ng napapanahong impormasyon tungkol sa kustodiya at/o katayuan ng kaso ng isang nagkasala. Ang mga biktima ay maaaring magparehistro para sa isang awtomatikong notipikasyon ng pagbabago sa isang kaso o katayuan ng kustodiya ng isang bilanggo, lumikha ng isang Watch list, at ma-access ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa biktima sa pamamagitan ng Illinois VINE. Available ang mga notipikasyon sa pamamagitan ng email, text message, tawag sa telepono, o sa pamamagitan ng VINE application para sa mga mobile device. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang vinelink.com.

## Statewide Victim Assistance Program

Ang Statewide Victim Assistance Program ng Pangunahing Abogado ay nagbibigay ng suporta sa mga biktima ng krimen at mga saksi na sangkot sa mga kaso na inuusig ng tanggapang ito. Simula Enero 1, 2023, ang Tanggapan ng Pangunahing Abogado ng Illinois ay tatanggap ng mga reklamo, mag-iimbestiga ng mga paratang, at gagawa ng mga rekomendasyon upang matugunan ang mga paglabag sa karapatan ng biktima ng krimen.

## Sexual Assault Nurse Examiner (SANE) Program



Ang SANE program ay nagsasanay ng mga rehistradong nars at iba pang mga propesyonal na nanggagamot at tumutulong sa mga pasyenteng biktima ng sekswal na pang-aatake upang mabawasan ang muling pagkatrauma ng mga biktima, mapabuti ang kalidad ng pangongolekta ng porensikong ebidensya, na sa kalaunan ay nagpapataas ng mga rate ng pag-uusig ng mga nagkasala.

Upang magparehistro para sa isang pagsasanay ng SANE o upang magtanong tungkol sa mga paparating na pagsasanay, mangyaring makipag-ugnayan sa: Linya ng Pagpaparehistro sa Kumperensya: 1-866-376-7215 o sane@ilag.gov.

## Outreach at Mga Aktibidad sa Edukasyon

Ang mga kawani ng Prebensyon sa Karahasan at mga Serbisyo sa mga Biktima ng Krimen ay nakikilahok sa mga aktibidad sa outreach upang ipaalam sa mga biktima ang tungkol sa mga serbisyong ibinibigay ng Tanggapan ng Pangunahing Abogado. Ang Dibisyon ay nag-uugnay din ng mga oportunidad sa edukasyon upang makatulong sa pagbuo ng kapasidad ng mga tagapagtaguyod, vendor at mga propesyonal sa sistema ng hustisya sa krimen. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa 1-800-228-3368 at hanapin ang Outreach Specialist.